



Pag-IBIG Fund, maasahan, tumutugon sa pangangailangan...

Ang pag-ibig daw ay hindi kailangang hanapin sapagkat kusa itong dumarating sa buhay ng isang tao. Kadalasan pa, ito ay natatagpuan sa hindi inaasahang lugar at pagkakataon. Ganito dumating ang “pag-ibig” kay G. Eduard “Ed” Ancheta, 49 anyos mula sa Lucena, Quezon.

Taong 1990 nang mangibang bansa si Eduard upang magtrabaho bilang accountant sa isang shipyard company sa Singapore. Sa kanyang pamamalagi ng mahigit pitong taon sa nasabing bansa, hindi niya inakalang makakatagpo siya ng dalawang uri ng pag-ibig, na magpahanggang ngayon ay bahagi ng kanyang buhay. Ang kanyang unang pag-ibig ay sa katauhan ng kanyang may bahay na si Gng. Jannett Abastilla Ancheta na noon ay isa ring overseas Filipino worker (OFW) sa Singapore.

Kwento ni Jannett, nakilala niya si Ed sa pamamagitan ni Mang Ading, ang kanyang naging tatay-tatayan habang nasa Singapore. Makalipas ang dalawang taon ng pagkakaibigan, nagpasiya si Ed at Jannett na magpakasal noong 1992. Dalawang taon pa ang lumipas at dumating ang pangalawang pag-ibig ni Ed. Taong 1994 nang dumalo sa isang housing fair sina Ed at Jannett na noon ay nagbabalak nang kumuha ng kanilang sariling bahay. Dahil dito, naging kasapi si Ed sa Pag-IBIG Overseas Program (POP) na noon ay isang boluntaryong programa para sa mga OFWs. Bilang paunang ipon, siya ay naghulog ng \$960 na sinundan ng buwanang hulog na \$40. Makalipas ang sampung taon, nakuha ni Ed noong 2004 ang kabuuang halaga ng kanyang naimpok sa Pag-IBIG Fund, ang ikalawang “pag-ibig” sa buhay ni Ed.

Ayon kay Ed, nagulat siya sa laki ng dibidendong ipinagkaloob ng Pag-IBIG kung kaya’t siya ay nagpasiyang ipagpatuloy ang kanyang pagiging boluntaryong kasapi ng POP. Maging si Jannett ay nahikayat na ring mag-impok tulad niya.

Bagama’t nagpalipat-lipat ng bansang pinagtrabahuan si Ed, hindi niya pinabayaan ang paghuhulog sa Pag-IBIG. kung kaya’t noong ika-20 ng Pebrero 2013, sabay na tinanggap ng mag-asawa ang kaniya-kanyang kabuaang impok sa Pag-IBIG. Ito ang pangalawang pagkakataon kay Ed at una naman para kay Jannett. Umabot sa P80,048.77 ang halagang natanggap ni Ed. *(Sa pakiusap ni Jannett, ang halaga ng kanyang natanggap ay hindi na babanggitin dito.)*

Masayang ikinuwento ni Ed na bahagi ng perang nakuha nila ay kanilang gagamiting bilang dagdag puhunan sa ibang investment at ang iba naman ay ilalaan nila para sa kanilang panganay na anak na si Darren Paul na nakatakdang magtapos na ng hayskul ngayong Marso.

Si Ed ay 18 taon nang OFW at sa tatlong bansang kanyang napuntahan—Singapore, Saudi Arabia, at Dubai, lagi niyang ibinabahagi sa kanyang mga kasamahan ang kabutihan ng pagiging kasapi ng Pag-IBIG Fund. Ayon kay Ed, “dahil ako ang pinakamatagal na sa trabaho, pinagpapayuhan ko ang aking mga kasamahan na ugaliin ang pag-iipon at huwag lang puro good time. 15 dirham lang naman at malaki ang kikitain ng pera nila. “

Payo ni Ed na dagdagan pa sana ng Pag-IBIG Fund ang pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa mga programa at benepisyo nito upang mas marami pang OFW ang mahikayat na maging kasapi nito.

Sa pagtatapos ng panayam sa mag-asawa, sinabi ni Ed na kanilang ipagpapatuloy ang pag-iimpok sa ilalim ng Pag-IBIG I at maging sa Modified Pag-IBIG 2 Program... patuloy pa rin ang “love story” ni Ed at Pag-IBIG Fund.



Sina G. at Gng. Ed Ancheta kasama ang kanilang bunsong anak na si Adrian Louis at G. Jojo Jareño, Manager, Overseas Operations Department.